

Screen para sa 50+ uri ng kanser na may isang pagsusuri ng dugo¹

Alamin kung paano nakakapagpabago ang Galleri[®] test sa buhay ng mga pasyente sa [Galleri.com/stories](https://www.galleri.com/stories)



Tunay na pasyente

Rx lang

5 kanser lamang ang may inirerekomendang screening test:

Suso, cervical, colorectal, baga (para sa mga nasa panganib), at prostate.¹⁰

Ang Galleri test ay sumusuri para sa mahigit 50+ uri ng kanser.¹ Ang pagdaragdag ng Galleri test sa iyong mga screening para sa kanser ay puwedeng makapagdagdag ng iyong tyansa na mapansin ang kanser nang maaga.^{7,8}



Galleri



Suso



Cervical



Colorectal



Baga



Prostate

Nasa
70%

ng mga kanser ang walang inirerekomendang screening test⁹⁺

Isang proactive na tool para masuri ang kanser

Puwedeng magkaroon ng kanser anumang oras, kahit na bago pa lumabas ang mga sintomas. Sa tuwing sumasailalim ka sa Galleri test, tinitingnan nito kung may cancer signal sa sample ng dugo mo.

Puwedeng sumailalim sa Galleri test bawat taon. Hindi ito isang screening test para sa namamanang sakit, at hindi nito hinuhulaan ang iyong genetic risk sa hinaharap para sa kanser.

Para kanino ang Galleri test?

- Mga may hustong gulang na may mataas na panganib para sa kanser, katulad ng mga nasa edad 50 o mas matanda pa.

Hindi inirerekomenda ang test sa mga indibidwal na buntis, wala pang 22 taong gulang, o sumasailalim sa aktibong paggamot sa kanser.

Edad ang pinakamalaking salik ng panganib para sa kanser¹¹

Ang mga nasa edad 50 o mas matanda ay 13 beses na mas mataas ang tyansa na magkaroon ng kanser kaysa doon sa mga wala pang 50.¹²

Bukod sa edad, may ilang salik na puwedeng magpataas sa panganib ng kanser, halimbawa^{13,14}:

- Personal na history ng kanser
- Diabetes
- Labis na katabaan
- Mga kasalukuyan o dating naninigarilyo

Paano gumagana ang test

Ang Galleri test ay nangangailangan ng sample ng dugo (2 tube) para makita ang DNA na iniwan ng mga cell ng kanser.

Kung may matukoy na **Cancer Signal**, kasama rin sa resulta ang isang **Pinagmulan ng Cancer Signal** na hinuhulaan kung nasaan sa katawan malamang na nagmumula ang kanser nang may mataas na katumpakan.¹ Makakatulong ito para mabawasan ang mga hindi kinakailangang procedure (hal., imaging, mga biopsy) para kumpirmahin ang kanser.²





I-scan dito para matuto pa

! May Cancer Signal na Natukoy



! Pinagmulan ng Cancer Signal
Atay/Bile duct



Proseso ng Test

Hilingin ang test

sa pamamagitan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Rx lang.



Kumpletuhin ang iyong pagpapakuha ng dugo

- ☐ Sa klinika
- ☐ Sa isang laboratoryo ng partner ng GRAIL. Mag-iskedyul ng iyong appointment sa Galleri.com/schedule



Tanggapin ang mga resulta

sa loob ng halos 2 linggo pagkatapos matanggap sa laboratoryo ng GRAIL ang iyong sample ng dugo.

Kung hindi mo pa natanggap ang iyong resulta pagkalipas ng 2 linggo, aabihin ka ng GRAIL sa pamamagitan ng email (ipinadala sa iyong email address, kung magbibigay ka ng email sa iyong Form ng Paghihingi ng Test).



Ang Galleri test ay sumusuri para sa 50+ uri ng kanser¹

Kabilang dito ang 12 agresibong kanser na sanhi ng humigit-kumulang dalawang-katlo ng mga pagkamatay dahil sa kanser, ayon sa American Cancer Society.¹ Ang mga kanser na ito ay nag-iwan ng mas maraming DNA at mas malamang na magkaroon ang mga ito ng resultang May Natukoy na Cancer Signal.¹

- Anus
- Pantog
- Bituka/tumbong
- Esophagus
- Ulo at leeg
- Atay/bile duct
- Baga
- Lymphoma
- Ovary
- Pancreas
- Plasma cell neoplasm
- Stomach

Mga karagdagang uri ng kanser³

- Adrenal cortical carcinoma
- Ampulla ng Vater
- Appendix, carcinoma
- Buto
- Suso
- Cervix
- Gallbladder
- Gastrointestinal stromal tumor
- Mga gestational trophoblastic neoplasm
- Bato
- Larynx
- Leukemia
- Melanoma ng balat
- Merkel cell carcinoma
- Mesothelioma, malignant pleural
- Nasal cavity at mga paranasal sinus
- Nasopharynx
- Mga neuroendocrine tumor ng appendix
- Mga neuroendocrine tumor ng bituka at tumbong
- Mga neuroendocrine tumor ng pancreas
- Oral cavity
- Oropharynx (HPV-mediated, p16+)
- Oropharynx (p16-) at hypopharynx
- Penis
- Prostate
- Maliit na bituka
- Soft tissue sarcoma ng abdomen at mga thoracic visceral organ
- Soft tissue sarcoma ng ulo at leeg
- Soft tissue sarcoma ng retroperitoneum
- Soft tissue sarcoma ng trunk at mga extremity
- Soft tissue sarcoma unusual histologies at sites
- Testis
- Ureter, renal pelvis
- Uterus, carcinoma at carcinosarcoma
- Uterus, sarcoma
- Vagina
- Vulva

Ang sensitivity ay nag-iiba depende sa uri at yugto ng kanser. Bisitahin ang Galleri.com/test-report para sa higit pang impormasyon.

Pag-unawa sa dalawang posibleng resulta ng test

✓ Walang Natukoy na Cancer Signal

Ibig sabihin ng resultang ito na walang nahanap na fragment ng DNA na nauugnay sa kanser sa sample ng dugo. Batay sa isang klinikal na pag-aaral, ang mga taong nakakuha ng ganitong resulta ay mas malabong magkaroon ng kanser. Ang totoo, may average na 1 mula sa 100 taong may ganitong resulta ang nakatanggap ng diagnosis ng kanser.⁴

Mga susunod na hakbang: Magpatuloy sa mga pagsusuri sa kanser na inirerekomenda ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi matutukoy ng Galleri test ang lahat ng kanser. Hindi naglalabas ang lahat ng kanser ng parehong dami ng DNA sa daluyan ng dugo, kaya mas malamang na matukoy ang ilan kaysa sa iba pa. Ang ilang partikular na kanser, gaya ng mga kanser sa utak, balat, at maagang yugto ng kanser sa suso at prostate, ay naglalabas ng kaunti o hindi naglalabas ng DNA, kaya mas malamang na hindi matutukoy ang mga ito sa pamamagitan ng pagsusuri ng dugo.⁵

! May Natukoy na Cancer Signal

Ibig sabihin na may mga nahanap na fragment ng DNA na madalas na nauugnay sa kanser sa sample ng dugo. Kasama rin sa resultang ito ang isang pagtataya ng uri ng tissue o organ na may kaugnayan sa cancer signal, na tinatawag na Pinagmulan ng Cancer Signal.

Mga susunod na hakbang: Hindi isang diagnosis ng kanser ang resultang ito at nangangailangan na follow-up na diagnostic na pag-test, na puwedeng may kasamang lab work o imaging na ino-order ng iyong provider para kumpirmahin ang kanser.

Batay sa isang klinikal na pag-aaral sa mga taong may edad na 50 hanggang 79, humigit-kumulang 1% ang inaasahang makakatanggap ng resultang May Natukoy na Cancer Signal, na may kasamang hinuhulaang Pinagmulan ng Cancer Signal.⁴ Pagkatapos ng diagnostic na pagsusuri, humigit-kumulang 62% ng mga taong ito ang inaasahang magkakaroon ng kumpirmadong diagnosis ng kanser.^{6*}

Kailan ako dapat magpa-test ulit?

Puwedeng magkaroon at mabilisang lumala ang mga agresibong kanser, kung minsan, nang wala pang isang taon.^{7,8}

Ang pagdaragdag ng Galleri test sa mga inirerekomendang screening sa iyong mga taunang pagpapatingin para sa wellness ay puwedeng makapagpataas ng iyong tyansa na mapansin nang maaga ang kanser.⁸ Tanungin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung kailan pinakamagandang magpa-test ulit.



Kwalipikado para sa HSA/FSA

Makipag-ugnayan sa administrator ng plano mo para kumpirmahin ang pagiging kwalipikado. Matuto pa tungkol sa mga paraan para magbayad para sa Galleri test sa Galleri.com/cost



Mag-email Sa Amin
customerservice@grail.com



833-MY-GALLERI
(833-694-2553)



I-scan ang QR code o bisitahin ang Galleri.com/brochure para tingnan ang brochure, i-access ang mga bersyon sa iba pang wika, at makita ang buong listahan ng mga sanggunian ng nilalaman.

Mahalagang Impormasyon sa Kaligtasan: Ang Galleri test ay inirerekomendang gamitin ng mga nasa hustong gulang na may malaking panganib na magkaroon ng cancer, gaya ng mga may edad na 50 taong gulang pataas. Hindi natutukoy ng test ang lahat ng kanser, at dapat itong gamitin bilang pandagdag sa mga regular na screening test para sa kanser na inirerekomenda ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ginawa ang Galleri test para tukuyin ang mga cancer signal at alamin kung nasaan sa katawan ang cancer signal. Hindi inirerekomendang gamitin ang test ng mga indibidwal na buntis, 21 taong gulang pababa, o sumasailalim sa aktibong paggamot sa kanser. Dapat ipaliwanag ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga resulta nang isinasailang-alang ang medical history, mga klinikal na palatandaan, at sintomas. Hindi inaalis ng resulta ng test na Walang Natukoy na Cancer Signal ang posibilidad ng pagkakaroon ng kanser. Nangangailangan ang resulta ng test na May Natukoy na Cancer Signal ng pangkumpirmang diagnostic na pagsusuri sa pamamagitan ng mga medikal na kinikilalang procedure (hal., imaging) para kumpirmahin ang kanser. Kung hindi makukumpirma ang cancer sa pamamagitan ng karagdagang testing, puwede itong mangahulugang walang cancer o hindi sapat ang testing para matukoy ang cancer, o puwedeng nasa ibang bahagi ng katawan ang cancer. Mayroong mga false positive (may natukoy na cancer signal kahit walang kanser) at false negative (walang natukoy na cancer signal kahit may kanser) na resulta ang test. **Rx lang.**

Impormasyon tungkol sa Laboratoryo/Test: Ang klinikal na laboratoryo ng GRAIL ay sertipikado sa ilalim ng Clinical Laboratory Improvement Amendments of 1988 (CLIA) at inaprubahan ng College of American Pathologists. Ang Galleri test ay binuo ng — at ang mga katangian ng performance nito ay tinukoy — ng GRAIL. Hindi na-clear o inaprubahan ng Food and Drug Administration ang Galleri test. Kinokontrol ang klinikal na laboratoryo ng GRAIL sa ilalim ng CLIA para magsagawa ng high-complexity testing. Ginawa ang Galleri test para sa mga klinikal na layunin.